


Arts

Ikatlong Markahan – Modyul 3: Likhang Paglilimbag Gamit ang Linoleum, Rubber, o Woodcut Print



**Arts – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 3: Likhang Paglilimbag Gamit Ang Linoleum, Rubber, o
Woodcut Print
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Deberlyn H. Omalay	
Editors:	Ana Lou R. Montilla, Eden Lynne V. Lopez	
Tagasuri:	Shirley L. Godoy, Jo-Ann Cerna-Rapada, Frolomea Narra T. Taniza	
Tagaguhit:	Roel Cala	
Tagalapat:	Eden Lynne V. Lopez, Edsel D. Doctama	
Tagapamahala:	Ma. Gemma M. Ledesma	Raul D. Agban
	Arnulfo M. Balane	Lorelei B. Masias
	Rosemarie M. Guino	David E. Hermano, Jr
	Joy B. Bihag	Shirley L. Godoy
	Ryan R. Tiu	Eva D. Divino
	Nova P. Jorge	Jo-ann C. Rapada

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telefax: (053) 832-2997
E-mail Address: region8@deped.gov

Arts

Ikatlong Markahan – Modyul 3: Likhang Paglilimbag Gamit ang Linoleum, Rubber, o Woodcut Print

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang pagpapakita ng kakayahang gumawa ng isang likhang sining ay nagpapakita kung gaano kahusay ang mga Pilipino kalakip nito ay ang tamang paggamit ng mga kagamitan upang maiwasan ang mga sakuna.

Kilala si Tomas Pinpin bilang “Prinsipe ng mga Pilipinong Manlilimbag” dahil sa naiambag nito sa pag-iimprenta ng aklat sa Pilipinas.

Mula sa ideya ni Padre Fransisco Blancas de San Jose, O.P. at sa tulong ni Juan de Vera, nabuo ang kauna-unahang *typography machine* o makinaryang pang-imprenta dito sa Pilipinas. At noong 1610, dinala sa Bataan ang makinarya at doon inilimbag ang aklat na “Arte y Reglas de Lengua Tagala”, ang kauna-unahang aklat na nailimbag ni Tomas Pinpin tungkol sa wikang tagalog. Noong 1612 naman ay inilimbag niya ang “Vocabulario de Lengua Tagala” ni Padre San Buenaventura.

Sa modyul na ito, maipapakita natin ang kakayahan sa paglilimbag gamit ang *linoleum*, *rubber* or *woodcut print* na may tamang paggamit ng mga kagamitang pang-ukit (A5PL-IIIId) at inaasahang makamit ang mga sumusunod:


1. Nakikilala ang ibat-ibang kagamitan sa relief printing.
2. Naipapakita ang kakayahan sa paglilimbag gamit ang *linoleum*, *rubber* or *woodcut print* na may tamang paggamit ng mga kagamitang pang-ukit.
3. Napapahalagahan ang kakayahan sa paglilimbag.




Subukin

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang pangalan ng bawat larawan na nasa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa patlang.


<i>linoleum</i>	<i>acrylic paint</i>	<i>curved gouge</i>	<i>chisel</i>
<i>Styrofoam</i>	<i>v-tool</i>	<i>knife</i>	<i>woodcut</i>
<i>brayer</i>			




1. _____




2. _____




3. _____




4. _____




5. _____




6. _____



7. _____



8. _____



9. _____

Aralin

1

Arts: Likhang Paglilimbag Gamit Ang Linoleum, Rubber, o Woodcut Print

Ang paglilimbag ay isang uri ng gawaing sining na ginagawa sa pamamagitan ng pag-iwan ng bakas o marka sa mga bagay sa papel o tela.



Balikan

Isulat sa patlang ang TAMA kung ang pangungusap ay nagsasaad ng katotohanan at MALI kung hindi.



- _____ 1. Ang paglilimbag ay isa sa mga gawaing pansining na magagawa sa pamamagitan ng pag-iwan ng isang kinulayang bagay.
- _____ 2. Ang mga patapong bagay ay maaaring gamitin sa paglilimbag.
- _____ 3. Lahat ng uri ng paglilimbag ay ginagawang paulit-ulit.
- _____ 4. Maaari kang maglimbag gamit ang dahon o mga natural na bagay sa paligid na pwedeng mag-iwan ng bakas.
- _____ 5. Ang mga ito ay kagamitang sa paglilimbag ay kinakailangan bibilhin lahat o paglalaanan pa ng maraming pera.





Tuklasin

Kaya mo ba ito?

Panuto: Pagmasdang mabuti ang mga larawan sa ibaba. Sundin ang mga hakbang sa paggawa at sagutin ang mga tanong na nasa rubriks.





Mga Hakbang sa Paggawa:

1. Maghanda ng isang patapon o gamit na styrofoam, poster paint o watercolor, isang bondpaper, lapis, at cutter o kutsilyo.
2. Gumuhit ng isang half-moon at isang maliit na hugis bituin sa styrofoam.
3. Gamit ang cutter o kutsilyo, tabasin ang mga ito. Tandaan, kailangan magingat sa paggamit ng cutter o kutsilyo. Mas mabuti kung magpatulong sa mga nakatatanda para maiwasan ang masugatan.
4. Kulayan ng itim ang buong bondpaper gamit ang watercolor o poster paint at patuyuin.
5. Lagyan ng watercolor o poster paint na kulay puti ang natabas na half-moon at pagkapos ay idiin ito sa isang bondpaper sa kanang itaas na bahagi.
6. Kulayan naman ng dilaw ang bituin at idiin ito sa bondpaper. Ulitin ng pitong beses ang paglagay ng kulay sa hugis bituin at idiin sa mga espasyo sa bondpaper upang mailipat ang disenyo.

Rubriks para sa Tuklasin: Kakayahan sa Paglilimbag

Lagyan ng tsek ang kaukulang sagot mo sa bawat katanungan ayon sa iyong ipinakitang kakayahan sa paggawa ng sining.

Kasanayan	Oo	Di-gaano	Hindi
1. Natularan mo ba ang imahe ng buwan at bituin sa pamamagitan ng paglilimbag?			
2. Nasunod mo ba ang lahat ng mga hakbang sa paggawa ng likhang sining?			
3. Nakagawa ka ba ng malinis at maayos na likhang sining?			
4. Naipakita mo ba ang kagandahan ng iniwang bakas sa malinis na bondpaper?			



Suriin

Ang paglilimbag ay isang uri ng gawaing sining na ginagawa sa pamamagitan ng pag-iiwan ng bakas o marka sa mga bagay sa papel o tela. Sa pamamagitan ng paglilimbag ay maipahahayag mo ang iyong kaisipan at damdamin at maipakikita mo rin ang iyong pagkamalikhain.

Maliban sa mga nabanggit ano pa ang maitutulong ng paglilimbag sa likhang-sining? Mas mabuti kung maging partikular sa benepisyo nito tulad ng pagpapalawak ng pagkakataon na maibahagi sa mga tao ang maramihang salin ng isang likhang sining. Kahit ang simpleng “stamps” na ginagamit ng karamihan pang disenyo ay isang uri ng paglilimbag.

Sa kontemporaryong panahon, madalas makikita ang paglilimbag sa paggawa ng disenyo ng mga damit (*screen printing*), *printed media (magazines, newspapers, etc)*, *graphic novels (manga/comics)*, *advertisements*, at iba pang uri ng *IEC (Information, Education, Communication) materials*.

Mayroong iba't-ibang proseso ang ginagamit sa tradisyunal na paglilimbag. Isa sa mga ito ay tinatawag na “relief printing”. Ang relief printing ay isang paraan ng paglilimbag na kung saan inuukitan ng disenyo ang linoleum, rubber o malambot na kahoy, o iba pang materyal na pwedeng maukitan gaya ng styrofoam. Nilalagayan ng tinta ang nagawang disenyo upang mailipat ito sa papel sa pamamagitan ng pagpatong at pagdiin.

Mga Kagamitan sa Relief Printing

Woodcut

Ito ang pinakalumang anyo ng paglilimbag na ang isang disenyo ay inuukit sa kahoy. Ito ay nilalagyan ng tinta upang maisalin sa ibang materyal ang disenyo kagaya ng papel o tela. Ang woodcut ay nalinang noong ika-5 siglo sa China at kalaunan ay umabot ang likhang sining na ito sa Japan.

Mas mainam na piliin ang malambot na kahoy upang madaling maukitan ng disenyo. Kung ang kahoy na nagamit ay magaspang, kailangan itong gamitan ng papel de liha bago maukitan upang maging makinis at maayos kapag lalagyan na ng tinta.

Linoleum

Ang linoleum ay mas madaling maukitan kaysa sa kahoy dahil ito ay patag, malambot at hindi na kailangan pakinisin. Wala itong himaymay di gaya ng kahoy. Ito ay naimbento bilang takip ng sahig (floor covering) noong ika-19 na siglo.

Carving Tools

May dalawang pangunahing kagamitan para iukit sa woodcut, ito ay ang *curved gouge* at *v-tool*. Ang gouge ay nakakaukit ng malawak at may palikong hugis. Ang v-tool naman ay para sa maninipis na pagukit at may matalim na unahan. Ang iba pang pwedeng gamiting pang-ukit ay ang chisel at kutsilyo.

Ink


Karaniwang ginagamit na *ink* ay ang mga oil-based at yung mga water soluble ink na para talaga sa relief printing depende ang gamit nito sa material na paglilipatan ng disenyo. Para sa simpleng likhang paglilimbag, maaaring gamitin ang acrylic paint o poster paint.

Brayer

Ito ay kahawig lang ng isang paint roller. Mayroon itong apat na uri, hard rubber, soft rubber, acrylic rubber, at sponge brayer. Ginagamit ang brayer upang mas mapadali ang pagpahid ng ink sa linoleum, rubber o woodcut.

Iba pang kagamitan

Maaring gumamit ng Styrofoam plate bilang alternatibo kung walang makitang linoleum o malambot na kahoy.



Pagyamanin

Gawain 1

Panuto: Kilalanin ang iba't-ibang kagamitan sa relief printing sa pamamagitan ng pabilog sa titik ng tamang sagot.


1. Ito ay isang paraan ng paglilimbag na kung saan inuukitan ng disenyo ang linoleum, rubber o malambot na kahoy, o iba pang materyal na pwedeng maukitan gaya ng sponge, at syrofoam.
 - a. intaglio
 - b. relief
 - c. stencil
2. Ito ay isa sa pangunahing kagamitan sa pag-ukit na nakakaukit ng malawak at may palikong hugis.
 - a. v-tool
 - b. chisel
 - c. curved gouge
3. Ang kagamitang ito ay para naman sa maninipis na pag-ukit at may matalim na unahan.
 - a. v-tool
 - b. curved gouge
 - c. chisel
4. Ang likhang sining na ito ay ang pinakalumang anyo ng paglilimbag galing sa China.
 - a. linocut
 - b. woodcut
 - c. rubber

5. Ang kagamitang ito ay walang himaymay di gaya ng kahoy. Ito ay naimbento bilang takip ng sahig (floor covering) noong ika-19 na siglo.
- a. linoleum b. woodcut c. rubber

Gawain 2

Panuto: Ipakita ang kakayahan sa paglilimbag sa pamamagitan ng pagsunod ng mga sumusunod na hakbang.

1. Ihanda ang mga sumusunod na kagamitan.
 - Malambot at patag na kahoy na pwedeng maukitan
 - Mga pang-ukit (pwedeng *cutter* o kutsilyo)
 - *Poster paint/ Acrylic paint* (berde)
 - Dalawang *short bondpaper*
2. Sa isang short bondpaper, gamit ang lapis, iguhit ang larawan na nasa ibaba. Pagkatapos ay gupitin ito at itabi muna ang nagawang disenyo.



3. Gamit ang disenyo na nagawa, gawin itong *stencil* at iguhit sa kahoy.
4. Kunin ang cutter/kutsilyo at ukitin ang nasa labas na bahagi ng guhit. Ukitin hanggang sa lumitaw ang disenyong dahon. Palaging tandaan na kailangan mag-ingat sa paggamit ng cutter o kutsilyo. Mas mabuti kung magpatulong sa mga nakatatanda para maiwasan ang masugatan.
5. Pagkatapos maukit ang disenyo, kulayan ito ng berde gamit ang poster paint/acrylic paint.
6. Ilatag ang natitirang bondpaper at doon ilipat ang disenyong inukit at kinulayan sa pamamagitan ng pagdidiin nito ng maayo at dahan-dahan.

Naibigan mo ba ang disenyong nagawa mo?

Paano mo nagawa ang likhang sining na ito?

Nasunod mo ba ang pamantayan sa maayos na paggawa?



Isaisip

Ang natutunan ko sa araling ito ay- _____



Isagawa

Panuto: Ipakita ang kakayahan sa paglilimbag sa pamamagitan ng paggamit ng linoleum o malambot na kahoy. Sumangguni sa rubriks na makikita sa pahina 9 para sa kaukulang puntos.

Mga Kagamitan sa Paggawa:

- Linoleum o malambot at patag na kahoy na pwedeng maukitan
- Lapis
- Mga pang-ukit (pwedeng cutter o kutsilyo)
- Poster paint/ Acrylic paint
- Dalawang long bondpaper

Mga Hakbang sa Paggawa:

1. Ihanda ang mga kagamitan na kakailanganin sa paggawa.
2. Gumuhit ng simpleng disenyo sa bond paper at gupitin ito. Pumili lamang ng isang tema na nasa ibaba:
 - paboritong prutas
 - simpleng simbolo ng iyong personalidad
 - bagay na may sentimental na halaga para sa iyo
3. Gamit ang disenyo na nagawa, gawin itong pattern at iguhit sa linoleum, o malambot na kahoy.
4. Gamitin ang cutter/kutsilyo ukitin ito hanggang sa lumitaw ang disenyong nais. Mag-ingat sa paggamit ng kutsilyo/cutter upang hindi masugatan.
5. Pagkatapos maukit ang disenyo, kulayan ito sa gusto mong kulay gamit ang poster paint/acrylic paint.
6. Ilatag ang bondpaper at doon ilipat ang disenyong inukit at kinulayan sa pamamagitan ng pagdidiin nito ng maayo at dahan-dahan. Pagkatapos ay patuyuin.

Rubriks para sa Isagawa: Kakayahan sa Paglilimbag

Lagyan ng tsek ang kaukulang puntos mo sa bawat kasanayan ayon sa iyong ipinakitang kakayahan sa paggawa ng sining.

Mga Sukatan	Higit na nasunod ang pamantayan sa pagbuo ng likhang-sining (10)	Nasunod ang pamantayan sa pagbuo ng likhang-sining (8)	Hindi nasunod ang pamantayan sa pagbuo ng likhang-sining (5)
1. Nakagawa ng sariling disenyo ayon sa tema sa pamamagitan ng paglilimbag.			
2. Nasunod ang lahat ng mga hakbang sa paggawa ng likhang sining.			
3. Nakagawa ng malinis at maayos na likhang sining.			
4. Naipakita ang pagiging malikhain sa paggawa ng iyong sariling disenyo.			



Tayahin

1. Ano-ano ang mga iba't-ibang kagamitan sa relief printing?

2. Mahalaga ba ang magkaroon ng kakayahan sa likhang paglilimbag gamit ang linoleum, rubber o woodcut na may tamang paggamit mga kagamitang pang-ukit? Bakit?



Karagdagang Gawain

A. Panuto: Ihasa ang kakayahan sa paglilimbag sa pamamagitan ng paggawa sa mga sumusunod:

Mga Kagamitan sa Paggawa:

- Isang piraso ng linoleum
- Isang woodcut
- Lapis
- Mga pang-ukit
- Poster paint/ Acrylic paint (asul, pula, dilaw, at puti)
- Tatlong short bondpaper

Mga Hakbang sa Paggawa:

1. Ihanda ang mga kagamitan na kakailanganin sa paggawa.
2. Isulat sa isang bondpaper sa itaas na bahagi ang “Paglilimbag gamit ang linoleum” at sa isang bondpaper naman ang “Paglilimbag gamit ang woodcut” at itabi muna ito.
3. Sa isang bondpaper naman ay iguhit ang watawat ng Pilipinas na may katamtamang laki upang magkasya sa linoleum at woodcut.
4. Gamit ang ginuhit, gawin itong stencil. Iguhit ito pareho sa linoleum at sa woodcut.
5. Ukitin sa linoleum at sa woodcut hanggang sa lumitaw ang disenyo ng watawat. Mag-ingat sa paggamit ng kutsilyo/cutter upang hindi masugatan.
6. Pagkatapos ukitin ang watawat sa dalawang materyal, lagyan ito ng angkop na kulay gamit ang poster paint/acrylic paint.
7. Ilatag ang dalawang bondpaper na nasulatan kanina. Isa-isahing isalin nang maingat ang disenyong kinulayan ayon sa ginamit na materyal sa paglilimbag. Pagkatapos ay patuyuin.

Rubriks para sa Karagdagang Gawain: Paglimbag Gamit ng Linoleum at Woodcut

Lagyan ng tsek ang kaukulang puntos mo sa bawat kasanayan ayon sa iyong ipinakitang kakayahan sa paggawa ng sining.

Mga Sukatan	Higit na nasunod ang pamantayan sa pagbuo ng likhang-sining (10)	Nasunod ang pamantayan sa pagbuo ng likhang-sining (8)	Hindi nasunod ang pamantayan sa pagbuo ng likhang-sining (5)
1. Nakagawa ng sariling disenyo ayon sa tema sa pamamagitan ng paglilimbag.			
2. Nasunod ang lahat ng mga hakbang sa paggawa ng likhang-sining.			
3. Nakagawa ng malinis at maayos na likhang-sining.			
4. Naipakita ang pagiging malikhain sa paggawa ng iyong sariling disenyo.			

B. Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na katanungan.

1. Sa iyong nagawang sining, alin ang mas madaling ukitan ng disenyo, linoleum o woodcut? Bakit?

2. Alin sa dalawang likhang paglilimbag ang may malinis at mas detalyadong disenyo ang naipakita?

3. Bilang isang mag-aaral sa ikalimang baitang, paano mo gagamitin ang natutunang teknik sa paglilimbag na maaaring makatulong sa iyong personal na buhay?



Susi sa Pagwawasto

<p>Subukin</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. styrofoam 2. limoium 3. woodcut 4. curved gouge 5. chisel 6. v-tool 7. knife 8. acrylic paint 9. brayer <p>Balikan</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. TAMA 2. TAMA 3. TAMA 4. TAMA 5. MALI 	<p>Tuklasin</p> <p>Depende sa tugon ng mag-aaral</p> <p>Gawain 1</p> <ol style="list-style-type: none"> a b c <p>iyong kaisipan at damdamin ay maipahahayag mo ang pamamagitan ng paglilimbag</p> <p>2. Oo mahalaga ito. Sa curved gouge, chisel, brayer</p> <p>1. Woodcut, limoium, v-tool, iyong pagkamaalikhain.</p> <p>Karagdagang Gawain</p> <p>A.*Sumangguni sa Rubriks</p> <p>B.*Depende sa tugon ng mga mag-aaral</p> <p>Isagawa</p> <p>Sumangguni sa Rubriks</p> <p>Depende sa tugon ng mag-aaral</p> <p>Gawain 3</p> <p>Depende sa tugon ng Sumangguni sa Rubriks</p> <p>Gawain 2</p> <p>Sumangguni sa Rubriks</p>	<p>Tayahin</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Woodcut, limoium, v-tool, curved gouge, chisel, brayer 2. Oo mahalaga ito. Sa pamamagitan ng paglilimbag ay maipahahayag mo ang iyong kaisipan at damdamin at maipakikitita mo rin ang iyong pagkamaalikhain. <p>Karagdagang Gawain</p> <p>A.*Sumangguni sa Rubriks</p> <p>B.*Depende sa tugon ng mga mag-aaral</p>
--	---	--

Sanggunian

Hazel P. Copiaco and Emilio S. Jacinto Jr., Halinang Umawit at Gumuhit 5: (Vibal Group, Inc. 2016) pahina 136-139

Emelita C. Valdecantos, Umawit at Gumuhit 5: (Saint Mary's Publishing Corporation 1999) pahina 129

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph